# PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE 70th REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIANG BAYAN, TAYTAY,RIZAL HELD ON AUGUST 24, 2000, AT THE SESSION HALL OF THE MUNICIPAL BUILDING, TAYTAY,RIZAL.**

**PRESENT:**

| | | |
|---|---|---|
| Hon.Adelina T. Reyes | - | Vice Mayor/Presiding Officer |
| Hon. Noel Ireneo E. Reyes | - | Councilor |
| Hon. Randy S. San Juan | - | ' |
| Hon. Anastacio V. Alcantara | - | " |
| Hon. Ceferino R. Resurreccion,Jr | | " |
| Hon. Janet DL. Mercado | - | " |
| Hon. Andres C. Cruz, Jr. | - | ABC.President |
| Hon. Aldin B. Gatapia | - | SK.President |

**ABSENT:**

| | | |
|---|---|---|
| Hon. Fernando R. Cabitac, Jr. | - | Councilor (O.B.) |
| Hon. Carlito G. Gonzaga | - | Councilor |
| Hon. Felimon M. Santos | - | Councilor (O.B.) |

---

**SPONSORED BY: ABC.Pres. Andres C. Cruz**

---

**<u>ORDINANCE NO.15</u>**

**CHANGING THE NAME OF CERTAIN STREET/PLACES AT BARANGAY MUZON, TAYTAY, RIZAL**

WHEREAS, according to Rule IV, Article 22 of the Rule and Regulation Implementing RA 7160, otherwise know as the Local Government Code of 1991, the Sangguniang Bayan may, in consultation with the National Historical Institute, change the name of barangay road, street, avenues, act.

KAPASIYAHAN BILANG 07-2000

KAPASIYAHAN NAGLALAYON NA ISAAYOS ANG KAPASIYAHAN BILANG O13-97

Sapagkat, ang Kapasiyahan Bilang 013-97 tungkol sa pagpapalit ng pangalan ng daan-tao at pagbibigay ng pangalan sa mga daan-tao na walang pangalan ay gustong isaayos ng Sangguniang Barangay;

Sapagkat, ang kapasiyahan ito ay naglalaman ng gaya ng sumusunod:

KAPASIYAHAN BILANG 013-97

KAPASIYAHAN NAGSASAAD NG PAGPAPALIT NG PANGALAN NG DAAN-TAO AT GAYUNDIN PAGLALAGAY NG PANGALAN NG MGA DAAN-TAO NA WALANG PANGALAN SA LUGAR NG BARANGAY MUZON, TAYTAY, RIZAL

Sapagkat, sa sesyong ito ng Sangguniang Barangay ay napagsala-bayan ang ukol sa kahilingan na pagpapalit ng pangalan ng ilang daan-tao at gayundin sa paglalagay ng pangalan ng mga daan-tao na walang pangalan sa Barangay Muzon, gaya ng;

| | |
|---|---|
| 1. San Isidro St. | - papalitan ng Gabriel Fausto St. |
| 2. Calle Pogi | - papalitan ng Jose S. Roque Sr. St. |
| 3. Benigno Garcia Cmpd | - unang eskenita sa Purok I paahon sa Garcia Compound |
| 4. Santos Ignacio St. | - ilalagay sa eskenita papasok sa Ignacio Compound |

Sapagkat, ang layuning ito ay sa kagustuhan ng Sangguniang Barangay ng Muzon na bigyan ng alaala ang mga taong naging instrumento sa pag-uulad ng naturang barangay;

Sapagkat, kung isasaalang-alang na halos ang mga lupang ito ay pag-aari ng ilan sa mga taong ito, at ayon sa kahilingan ng mga anak at mga apo nila ay nararapat lamang na ito ay sangayunan;

Dahil dito, matapos ang masusing pag-aaral at palitan ng kuro-kuro,sa mungkahi ni Kagawad Rodelio de Leon na pinangalawahan ni Kagawad Reynaldo Andres ay;

Panagpasiyahan, na kagaya ng pagkakapasiya na pagtibayin gaya ng pagkakatibay, ang pagpapalit ng ilang daan-tao na walang pangalan sa lugar ng Barangay Muzon, Taytay, Rizal gaya ng nasasaad sa unahan nito;

Pinagpasiyahan pa, na ipadala ang sipi ng Kapasiyahan ito sa mga kinauukulan para sa kanilang kabatiran at upang mabiyan ng kaukulang hakbang;

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahan ito ay tunay at siyang katotohanan.

Sapagkat, ang Kapasiyahan Bilang 013-97 ay hindi tugma ang titulo sa nakasaad sa nilalaman at ilang termino na dapat palitan;

Sapagkat, kailangan ang pagsasaayos na ito upang sa gayon ang pangalan na ipapalit sa street gayundin sa pangalan ng ilang looban sa Barangay Muzon, Taytay, Rizal ay siyang maging pinal na katawagan hanggang sa ito ay ipinaiiral;

Kung Kayat,

Pinagpasiyahan ng Sangguniang Barangay ng Muzon na isaayos ang Kapasiyahan Bilang 013-97 sa pamamagitan ng Kautusan.

**KAUTUSAN BILANG 002-2000**

**KAUTUSAN NA PALITAN ANG ILANG PANGALAN NG STREET AT PANGALAN ANG ILANG LOOBAN SA BARANGAY MUZON, TAYTAY, RIZAL**

SECTION 1. Dito ay pinagtibay na palitan ang pangalan ng ilang street at gayundin pangalanan ang ilan sa looban ng Barangay Muzon, Taytay, Rizal

SECTION II. Ang bagong pangalan ayon sa kautusang ito ay gaya ng sumusunod;

1.From San Isidro St. - papalitan ng Gabriel Fausto St.
2.From Calle Pogi - papalitan ng Jose S. Roque Sr. St.
3.From Benigno Garcia Cmpd - papalitan ng Garcia Compound
4.From Santos Ignacio St. - papalitan ng Ignacio Compound

SECTION III. Ang mga kaukulang pangalan ng street at looban ay mananatili sa pag-iral hanggang walang nagmumungkahi na ito ay palitan sa pamamagitan ng ganitong proseso sa Sangguniang Barangay ng Muzon, Taytay, Rizal.

SECTION IV. Ang kautusang ito ay magkakabisa pagkatapos mapagtibay.

SECTION V. Magpadala ng sipi ng kautusang ito sa kinauukulan para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayong ika- 24 ng Agosto taong 2000, sa Bulwagang kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Lalawigan ng Rizal.

I HEREBY CERTIFY, to the correctness of the foregoing Ordinance which was duly approved by the Sangguniang Bayan of Taytay during its 70th Regular Session held on the 24th day of August 2000.

**SONIA C. SAMSON**
Secretary to the Sangguniang Bayan

ATTESTED AND CERTIFIED
TO BE DULY ENACTED
BY HER HONOR

**ADELINA TAMAYO-REYES, M.D.**
Vice Mayor
Presiding Officer

APPROVED BY HIS HONOR
THE MUNICIPAL MAYOR

**JUNE V. ZAPANTA**
Municipal Mayor